

Kung meron mang mga pagbabago o kataliwasan sa pagitan ng mga bersyong English/Chinese at Tagalog nitong dokumento, ang English/Chinese na bersyon pa rin ang siyang mananaig.

PINANSIYAL NA KALUSUGAN

Pangangasiwa ng iyong kredito

Ang pangangasiwa ng kredito ay mahalaga sa iyo. Ginagawang mas madali ng kredito ang buhay sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng kakayahang gawin ang gusto mo, kapagkailangan mo. Kung ikaw ay nagbabakasyon, bumibili, o may dali-dali kang pagkakagastusan, maaaring may gampanang mahalagang papel ang kredito sa iyong buhay. At ang matalinong pangangasiwa ng iyong kredito ay tumitiyak na magkakaroon ka ng kredito kapag gusto mo ito.

Ang pangangasiwa ng isang malusog na profile ng kredito sa pagdaan ng panahon ay mahalaga. Dahil karamihan sa mga nagpapahiram ay nag-uulat ng gawain ng iyong account sa mga kawanihan ng kredito tulad ng pinahihintulutan ng na Kodigo ng Kasanayan ukol sa Datos ng Kredito ng Mamimili, ang isang malusog na talaan ng kredito ay nakakatulong sa iyong kabuuang pinansiyal na kapasidad at pangkalahatang profile sa kredito. Sa susunod na mangungutang o magsasangla ka ng kotse, masisiyahan ka na ginawa mo ito.

Ang epektibong pangangasiwa ng iyong kredito ay nagdudulot ng mas personal na pagpili at mas malaking pinansiyal na kalayaan, ngunit mayroon itong kaakibat na pananagutan na gumawa ng mga matatalinong pagpili.

PAHUSAYIN ANG IYONG PINANSIYAL NA KALUSUGAN

Narito ang ilang mga payo sa pagpapanatili ng kontrol ng iyong mga pinansiyal na usapin at gawing gumagana ang kredito ayon sa iyo, hindi laban sa iyo.

- Magkaroon ng badyet. Tiyakin na alam mo kung ano ang pumapasok at lumalabas na pera. Sa paraang iyan maiiwasan mo ang mga di inaasahang problema.
- Iwasan ang pabigla-biglang pamimili. Kung kailangan mong magbayad ng gamit ang perang hawak mo, bibili ka ba?

- "Pamimili na naghahambing" bilang kaugalian. Huwag kailanman kumuha ng anumang anyo ng kredito - nang hindi ikinukumpara ang mga gastos at halaga sa ibang mga iba pang uri ng kredito.
- Palaging magbasa at unawain ang mga application form bago ito lagdaan.
- Maging maingat sa paglalagda ng utang o paggagarantiya ng utang sa ngalan ng iba. Tandaan na maaaring ikaw ang magbayad ng utang kung mabigong bayaran ito ng nanghiram. Tanungin ang nanghihiram kung ano ang mga kondisyon ng utang, kung ano ang kanyang kita at siguraduhing ang nanghihiram ay may kakayahan na magbayad ng utang. Alamin ang mga maaaring sangkot na panganib upang makagawa ka ng desisyon na matalino at makatwiran.
- Gumamit ng kredito nang maingat. Gumagamit ka ba ng tamang uri ng kredito para sa iyong layunin? Gumagamit ka ba ng mas mahal na anyo ng kredito kaysa kinakailangan? Ilang mga credit card ang talagang kailangan mo? Ginagamit mo ba sila dahil lamang mayroon ka?

PINANSIYAL NA PAGPAPLANO

Kung nag-iisip ka tungkol sa mga ipon mo para sa hinaharap, bumili ng tahanan o magretiro, makipag-usap sa iyong mga bangko o bisitahin ang kanilang mga website na nagbibigay ng payo at mga kasangkapan sa pagpapalano. Marami sa mga website na ito ay nakalink sa website ng Samahan ng mga Bangko sa Hong Kong (sa www.hkab.org.hk).

MGA PALATANDAAN NG PANGANIB

Ang mga pinansiyal na problema, mula mataas na utang sa credit card hanggang sa pagpalya sa pagbayad ng sangla sa tahanan, ay hindi kinakailangang maging resulta ng mahinang pinansiyal na pangangasiwa. Paminsan-minsan ang mga pinansiyal na sitwasyon ay hindi mo makontrol. Anuman ang dahilan, ang pagkabalisa sa mga problema sa pera ay makakaapekto sa iyong trabaho at buhay pamilya.

Madalas, hindi mo nakikita ang mga palatandaan ng isang pinansiyal na suliranin hanggang sa ito ay huli na. Ngunit ang mga pinansiyal na krisis ay hindi nangyayari ng magdamag. May ilang mga palatandaan na nagpapahiwatig ng mga problema sa utang na nawawala na sa kontrol. Halimbawa, ikaw ba ay:

- Regular na nagbabayad lamang ng pinakamababang halaga na sinisingil ng iyong mga bayarin?

- Pinagsama-sama ang mga utang sa pamamagitan ng pangugutang mula sa isang nagpapahiram na may mataas na interes?
- Nahihirapang mag-ipon ng pera o kaagad na naglalabas ng pera mula sa iyong mga ipon upang bayaran ang mga bayarin?
- Nanghihiram mula sa mga kaibigan at kamag-anak upang may magastos sa mga gastusin pang araw-araw?

Kung sinagot mo ang "oo" sa anuman sa mga tanong na ito, maaaring patungo ka sa seryosong suliraning pinansiyal.

SOLUSYON SA MGA PINANSIYAL NA KAHIRAPAN

Walang madaling paraan upang makawala sa utang. Ang ilang mga anunsiyo na nagtataguyod ng mga serbisyo ng mga nag-aanunsiyo ay nagmumungkahi na ang pagdeklara ng pakabankrupt ay isang madaling paraan upang palayain ang iyong sarili sa utang. Ang kahihinatnan ng pagdeklara ng pagkabankrupt ay malawak at dapat huling paraan upang lutasin ang mga problemang pinansiyal. Sa katunayan, ang ang pagdeklara ng pagkabankrupt ay maaaring iwasan, kasama ang kahihyan na kalakip nito. Narito ang ilang posibleng alternatibo:

Lutasin mo ito mismo:

- Maaari mong lutasin ang iyong problema sa utang sa pamamagitan ng pangangasiwa ng iyong pera ng mas maingat. Tingnan bagay o gawain kung saan maaari mong bawasan ang paggastos, at gamitin ang pera upang bawasan ang iyong utang.
- Muling sustentuhan o muling reistructura ang iyong mga utang sa tahanan, kotse o personal upang bawasan ang mga bayad dito.
- Isaalang-alang ang trabahong part-time o karagdagang mga oras sa trabahong full-time para sa iyo o iyong asawa.

Makipag-usap sa mga nagpahiram sa iyo:

- Tawagan muna ang mga nagpahiram sa iyo. Ang mga problema sa utang ay mas madaling malutas kung maaga kang kumilos at humingi ng payo. Naiipon ang mga problema kapag naantala ang paglutas ng mga ito.
- Kung saan may tunay na pinansiyal na kahirapan, nasa interes ito ng nagpahiram, pati ng iyo, na hanapin ang solusyon. Maaaring palawigin ng mga nagpahiram sa iyo ang yugto ng iyong pagbabayad, o kung may utang ka sa higit sa isang nagpahiram, ay tutulungan ka na makipag-ugnay sa iyong ibang nagpahiram upang itigil ang pangongolekta ng utang at konsolidahin o muling sustentuhan ang iyong utang.

PAGKABANKRUPT

Ang paghain ng pagkabankrupt ay nanatiling isang alternatibong solusyon na maaari, at dapat mong gawin kapag nagawa mo na ang lahat ng mga alternatibong solusyanna nakasaad sa itaas. Sa sandaling alam mo ang iyong katayuan sa pangkabankrupt, ititigil ng mga pinagkakautangan mo ang kanilang pangongolekta ng utang at isang tagapangasiwa ang itatalaga upang alamin ang iyong pinansiyal na sitwasyon at manmanan ang iyong mga pinansiyal na usapin hanggang sa nananatili kang hindi bayad. Gayunman, ang alternatibong ito ay ang pinaka-di-kanais-nais sa usapin ng kredito at mayroon itong kaakibat na pasanin. Isang disbentaha nito ay maaari itong makita sa ang iyong credit record sa mahabang panahon. Isa pang disbentaha ay hihigpitan ng mga pinagkakautangan ang mga kinakailangan sa kredito. Maaaring mahirapan ka sa pagkuha ng pampinansiya sa hinaharap at lalung-lalo na ay maaaring mahirapan ka sa pagkuha ng mga credit card, pinansiya para sa pamimili o pagbili ng ari-arian sa pamamagitan ng pagsangla.

MGA MADALAS NA ITANONG TUNGKOL SA PAGKABANKRUPT

Ano ang dapat kong ihanda sa paghahain ng pagkabankrupt?

Maiging konsultahin mo ang iyong mga bangko o pinansiyal o legal na tagapayo bago gumawa ng desisyon. Makakatulong sila na alamin ang iyong pinansiyal na sitwasyon at magbigay ng mga katunayan upang tulungan ka sa pagdedesisyon kung ang

pagkabankrupt ay ang pinakamahasay na alternatibo para sa iyo. Ang ilang mga particular na bagay na makabuluhang banggitin:

- Kung nilalayon mong maghain ng pagkabankrupt, dapat huminto sa paggamit ng iyong mga credit card. Kung humiram ka ng pera bago ang pagkabankrupt na may particular na layon ng pagpapalaya sa utang na nabankrupt sa halip na bayaran ito, ang utang ay maaaring hindi mapalaya. May mga ilang sitwasyon kung saan maari kang magkasala ng panlilinlang.
- Huwag ilipat ang iyong mga ari-arian sa mga kaibigan, pamilya at kasama sa negosyo upang protektahan ang mga ari-arian mula sa iyong mga pinagkakautangan. Ang paglilipat ay maaaring ituring na paglilinlang. Kapag ginawa mo ito, maaaring mawalan ka ng ari-arian at ng karapatang lumaya sa pagkabankrupt. Gayundin, maaaring nakagawa ka ng isang pagkakasalang kriminal.
- Huwag sirain ang anumang mga talaan sa negosyo o pinansiyal. Maaaring mawalan ka ng iyong karapatan sa paglaya sa pagkabangkarote bilang resulta at maaaring nakagawa ka ng isang kriminal na pagkakasala.

Ano ang mga kahihinatnan ng isang utos ng pagkabankrupt?

Ang mga kahihinatnan ay malawak at kasama dito ang:

- Ikaw, bilang nagkautang, ay kinakailanganI magsiwalat sa korte ng lahat ng iyong ari-arian at utang at ilipat ang lahat ng mga ari-arian na hindi maililigtas sa tagapangasiwa na siyang ipagpalit ito ng pera para ipamahagi sa iyong mga pinagkakautangan.
- Maaari ring magbayad ka mula sa iyong personal na kita para sa kapakinabangan ng iyong mga pinagkakautangan.
- Kung pagmamay-ari mo ang iyong tahanan, maaaring kailanganin na ibenta ito upang bayaran ang iyong mga utang.
- Kailangang ipabatid sa tagapangsiwa mo na ninanais mong umalis ng Hong Kong at bumalik sa Hong Kong kapag hiniling ng iyong tagapangasiwa.

- Dapat mong itigil kaagad ang paggamit ng iyong mga account sa bangko at iba pang mga accounts.
- Hindi ka maaaring kumuha ng kredito ng HK\$100 o higit pa nang walang pagpapayo ng pinagkakautangan na ikaw ay isang hindi malayang nabangkrupt.
- Maaari kang hindi pahintulatang ng mga pampublikong posisyon at kumilos bilang isang direktor ng kompanya ng walang pahintulot ng korte.
- Maaaring mapaalis ka sa trabaho.
- Ang pagkabangkrupt ay mananatili sa iyong credit record sa loob ng 7 taon omas mahaba pa. Bilang resulta, maaaring mahirapan kang kumuha ng kredito sa hinaharap. Anumang kredito na makukuha mo ay malamang na mas mahal ayon sa antas ng interes at mga sisingiling bayarin.

Malalaman ba ng aking employer ang aking pagkabangkrupt?

Ang pagkabangkrupt ay isang pampublikong impormasyon. Karagdagan dito, may mga pagkakataon na maaaring kailanganing isiwalat mo sa iyong mga employer ang mga umiiral o nakalipas na pagkabangkrupt sa mga aplikasyon sa trabaho.

Kailangan ko bang isiwalat ang lahat ng aking ari-arian sa korte?

Oo. Kung may kabatiran at mapanlinlang mong itinago ang isang ari-arian sa korte, nakagawa ka ng isang pagkakasalang kriminal at maaari kang ipakulong ng korte. Karagdagan dito, maaaring suspindehin ng korte ang iyong pagpapalaya sa pagkabangkrupt sa loob ng karagdagang apat (4) na taon.

Ako ba ay mapapalaya kaagad-agad pagkatapos ng 4 na taon?

Sa mga karaniwang pagkakataon, ang pagpapalaya sa pagkabangkrupt ay nagaganap pagkatapos ng 4 na taon. Gayunman, ang pagpapalaya ay hindi kaagad-

agad. Ang mga pinagkakautangan ay maaaring sa ilang pagkakataon ay tumutol sa iyong pagpapalaya at ang yugto ng pagkabankrupt ay maaaring palawigin ng hanggang walong (8) taon.

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

ANG SAMAHAN NG MGA BANGKO SA HONG KONG

Room 525, Prince's Building,

Central, Hong Kong

Tel : 2521 1169 Fax : 2868 5035

Email : hkab@pacific.net.hk

ANG SAMAHAN NG DTC

Unit 1704, 17/F., Bonham Trade Centre,

50 Bonham Strand East,

Sheung Wan, Hong Kong Tel : 2526 4079 Fax : 2523 0180

Email : pc_lund@dtca.org.hk

ANG SAMAHANG LTD. NG MGA LISENSIYADONG NAGPAPAHIRAM NG PERA SA HONG KONG S.A.R.

22/F., Allied Kajima Building,

138 Gloucester Road,

Wanchai, Hong Kong Tel : 2827 8281 Fax : 2827 8292

Email : chairman@lmla.com.hk

AWTORIDAD SA PANANALAPI NG HONG KONG

30/F., 3 Garden Road, Central, Hong Kong

Tel : 2878 8196 Fax : 2878 8197

Email : hkma@hkma.gov.hk

KONSEHO NG MAMIMILI

22/F., K. Wah Centre, 191 Java Road,

North Point, Hong Kong

Tel : 2856 3113 Fax : 2856 3611

Email : cc@consumer.org.hk

Magkatuwang na inilabas ng Samahan ng mga Bangko sa Hong Kong, ang Samahan ng DTC at ang Samahan ng mga Lisensiyadong Nagpapahiram ng Pera sa Hong Kong S.A.R. at inendorso ng Awtoridad sa Pananalapi ng Hong Kong. Ineendorso ng Konseho ng Mamimili ang mga pagsisikap ng industriya na ipabatid sa mga mamimili ang mga problema sa hindi sustenableng pagkakautang at malugod na tinatanggap ang pagtataguyod ng publikong kamalayan sa kahalagahan ng kalusugang pinansiyal.